MGA GAMOT NA INIINOM

Bakit kailangang uminom ng mga tableta upang makontrol ang dyabetis?

Nagkakaroon ng ikalawang uri ng dyabetis dahil hindi naipapasok ng insulin ang asukal sa mga selula ng katawan o dahil hindi sapat ang insulin. Mayroong mga gamot na ginawa upang mabigyang-lunas ang dalawang kasong ito.

Tandaan na hindi nararamdaman ang pagkakaroon ng dyabetis at kahit maayos ang iyong pakiramdam, kailangan mo pa ring inumin ang mga gamot.

Iba't iba ang bawat gamot

Inumin ang gamot kung paano ito sinabi ng iyong doktor, kung hindi, maaari itong maging mapanganib. Huwag palitan ang iniinom na gamot o inumin ang gamot ng ibang tao.

At kung sumasama ang iyong pakiramdam dahil sa mga tabletas?

May ilang gamot na upang malunasan ang dyabetis ay maaaring magdulot ng labis na pagkababa ng antas ng asukal sa dugo (hypoglycemia). Ang madadalas na sintomas ay ang malabong paningin, pangangatog, pagpapawis, pagkahilo, pagkagutom, pananakit ng ulo, mabilis na pagtibok ng puso, pagkalito (hindi malaman kung saan naroroon o kung saan nanggaling). Kung mararanasan mo ang ilan sa mga ito at hindi mo makakayang tusukin ang iyong daliri upang tignan ang iyong antas ng asukal sa oras na iyon, kumain ng kaunting asukal at magpatingin sa doktor.

Kung sa tingin mo na ang mga gamot ay nagpapasama sa iyong pakiramdam nagdudulot ng isang bagay na kakaiba sa iyo, itanong ito sa iyong doktor, ngunit huwag ititigil ang medikasyon nang walang paunang konsultasyon.

Maraming gamot...

Dahil sa ebolusyon ng iyong dyabetis, maaaring kailanganin mong uminom ng maraming gamot sa isang araw. Huwag ititigil ang pag-inom ng mga medikasyon nang walang paunang konsultasyon sa iyong doktor.